ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# NARATIBONG PAGTATAYA SA PAGPAPATUPAD NG OPLAN BAKLAS PROGRAM NG MGA PILING GURO SA KAGAWARAN NG EDUKASYON

**Valerie Joy S. Estoquia , Raymund L. Santiago, PhD**
*La Carlota City College, La Carlota City, Negros Occidental, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra20110
**DOI No: 10.36713/epra20110**

## ABSTRACT

*Ang pangunahing tunguhin ng pananaliksik na ito ay malaman ang naging epekto sa mga piling guro simula ng ipatupad ang Oplan Baklas Program ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang mananaliksik ay gumamit ng disenyong deskriptibong naratibo sa pagsasagawa ng pangogolekta ng mga datos at inilunsad ang Thematic Analysis sa pag-aanalisa, paglalahad, at pagtalakay ng mga makokolektang datos. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng purposive sampling at inilunsad sa mga guro na nasa Junior High School ng Mansilingan Agro-Industrial High School.*

*Nalaman sa pag-aaral na ito ang mga positibong dulot ng panukalang ito sa mga piling guro na siyang naging daan sa kanila upang maiwasan ang mga distraksyon at maibigay ang kanilang pokus at atensyon sa pakikinig at pagtuturo. Natunghayan din ng pag-aaral na ito na ang panukalang Oplan Baklas ng Kagawaran ng Edukasyon ay may malaking tulong sa guro pagdating sa pinansyal na aspekto dahil kung minsan napipilitan ang mga guro magpalabas ng sariling pera mula sa kanilang bulsa makamit lamang ang istandard na ninanais na ipinapatupad upang magkaroon ng makulay at kanais-nais na silid-aralan para sa mga mag-aaral. Sabihin man nating mayroon alawans ang mga guro mula sa departamento ngunit ito ay hindi sapat upang matustusan ang lahat ng pangangailangan ng mga guro sa pagpapaganda ng silid- aralan.*

**KEYWORDS:** *Oplan Baklas, pinansyal, distrasyon, pokus.*

## INTRODUKSYON

Ang mga biswal na nakapaskil sa loob ng silid-aralan tulad ng mga tsart, dayagram at larawan ay may kahanga-hangang kakayahang makuha ang atensiyon at interes ng mga mag-aaral na makikitaan na kasiya-siyang mukha sa pagkatuto. Pinupukaw ang kuryusidad at nag-aanyaya sa paggalugad ang mga biswal. Ang mga biswal ay hindi lamang nakakakuha ng atensiyon ng mga mag-aaral ito rin ay nakakatulong upang lubusan na maunawaan ang mga kumplikadong konsepto at gumawa ng mga koneksyon sa pagitan ng mga ideya. Bilang paunang abiso bago magsimula ang klase ngayong Agosto, paalala ni bise Presidente at kalihim ng Edukasyon Sara Duterte sa mga guro at tagapamahala ng pampublikong paaralan na alisin ang lahat ng dekorasyon sa mga silid-aralan upang mapagtuunan ng pansin ang mga mag-aaral sa kanilang leksiyon. Ang ganitong panukala ang naging usap-usapan lalong lalo na sa mga guro. Dahil ito ay dagdag trabaho at gastos para sa kanila. Dahil dito, napukaw ang interes ng mananaliksik at nais malaman ang pinupunto at paninindigan ng kalihim sa pagpapatupad ng panukala.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang masuri ang epekto ng pagpapatupad ng Oplan Baklas. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, ang mga resulta at mga kaalaman ay pwedeng maging gabay para sa mga namumuno sa Kagawaran ng Edukasyon kung ang programang kanilang inilunsad ay epektibo ba o hindi. Kung ito ba ay makakatulong sa mga guro lalong lalo na sa mga mag-aaral. Dito ay mabibigyan ng sapat na kaalaman ang mga guro sa epekto ng pagbaklas o pagtanggal ng mga hindi angkop, hindi kinakailangan at magugulong palamuti, dekorasyon at iba pang kagamitang biswal sa loob ng silid-aralan. Bilang kontribusyon, malalaman ng mga guro ang mga angkop na mga dekorasyon na dapat ilagay sa loob ng klasrum at mas maiintindihan ang epekto nito sa pamamagitan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pangkalahatan, ang pag-aaral na ito ay makakatulong sa pag-unawa tungkol sa epekto ng pagpapatupad ng DepEd ng Oplan Baklas akademikong pagganap ng mga mag-aaral at kung mayroon bang pagbabagong nakitaan o may mabuting naidulot ba ang ganitong panukala.

### Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay pumapaksa sa "Naratibong Pagtataya sa Pagpapatupad ng Oplan Baklas Program ng mga Piling Guro sa Kagawaran ng Edukasyon" sa isa sa mga pampublikong paaralan sa Lungsod ng Bacolod sa Taong Panuruang 2023-2024 na layuning sagutin ang tanong na:

1. Ano ang kahalagahan ng Oplan Baklas Program ng Kagawaran ng Edukasyon?

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

### Pinansyal

Ang mga hamon sa aspetong pinansyal ay hindi bago sa mga guro. Lumabas ang temang pinansyal ayon sa ilan sa mga kasagutan ng mga tagatugon. Hindi kinakaila na upang magkaroon ng maganda at kaaya-ayang silid-aralan ay kailangang magpalabas ng sariling pera sa kadahilanang hindi sapat ang badyet na binibigay galing sa gobyerno. Sa pag-aaral nina Carel at Pecajas (2022), kanilang napag-alaman ang pagsawalang bahala sa usaping pagsagot ng mga guro gamit ang kanilang sariling pera dahil sa limitadong pundo ng paaralan sa usaping pagpapaganda ng mga silid-aralan. Ayon kina Jamito at Plaza (2021), ang kondisyong pinansyal ng mga guro ay isa sa mga importanteng salik upang maging produktibo at maging epektibo sa pagtuturo. Nabanggit sa pag-aaral nina Salino et.al (2018) na karamihan ay may malaking problema sa usaping pinansyal. Kaya hindi maikakaila na ang pagpapatupad ng Oplan Baklas Program ng Kagawaran ng Edukasyon ay malaking tulong para sa mga gurong nagpapalabas ng sariling pera galing sa sariling bulsa mapaganda lamang ang silid-aralan. Nabanggit ni Hanushek (2019) na ang kakulangan sa mga kagamitang panturo ay isa rin sa mga rason kung bakit ulila sa usaping pinansyal ang mga guro na naging rason kung bakit nararamdaman ng mga guro na ang pagtuturo ay hindi kaaya-aya. Ang pagbili ng mga kagamitan tulad ng printer, tinta, bond paper, mga papel na makukulay na ginagamit sa pagpapaganda ng klasrum at iba pa ay dagdag sa naging gastusin ng mga guro.

Sa pag-aaral ni Ferrer (2017) na nabanggit nina Casingal at Ancho (2021), isa sa mga rason kung bakit baon sa utang ang mga guro ay dahil sila mismo ang gumagastos sa pangangailangan sa loob ng silid-aralan. Bawat taon ang mga guro ay naglalaan ng badyet para may pambili ng mga muwebles at dekorasyon upang gawing kawili-wili at handa ang silid para sa epektibong proseso ng pagkatuto.

Sa isang panayam, sinabi ni Pangulong Marcos na ang mga guro ay susi upang maging matagumpay ang mga programa ng DepEd, kaya nararapat lamang na alagaan sila lalo na sa usaping pinansyal. Dagdag pa niya, hindi dapat kalimutan na mayroong mga pamilya ang mga guro na kailangang alagaan. Sabi ni Pangulos Marcos, hindi makakaturo nang maayos ang mga guro kung wala silang mapakain o nag-aalala sila sa kanilang pamilya. Ito ang dahilan kung bakit dapat alagan ang mga guro, maging sa pinansyal na aspeto (Brigadanews.ph 2024).

### Maaliwalas na Silid-Aralan

Isa sa mga salik sa mabilis na pagkatuto ay ang klimang pangklasrum. Itinuro rin sa mga pangunahing dahilan kung bakit hindi masyadong maganda ang akademikong performans ng mga mag-aaral ay dahil nawalan ng interes sa pag-aaral kapag nakita nila na hindi masyadong kaaya-aya ang kapaligirang pangklasrum. Naging ugat ito ng pagiging maingay ng mga mag-aaral, hindi pakikinig sa mga guro at kawalan ng gana sa pag-aaral. Ayon sa pag-aaral ni McGowen (2007) binanggit sa pag-aaral nina Lihayhay et.al (2024) nakakaapekto ang pisikal na silid-aralan o pasilidad sa pagganap ng pangkalahatang gawain hindi lamang sa mga mag-aaral pati na rin ang mga guro na maaari ring magresulta ng aksidente. Kinakailangang gawing kaaya-aya o maayos ang silid na naglalayon ng positibong kapaligiran sa pag-aaral ng sa gayon ay mahikayat o maganahan ang estudyante na pumasok upang mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Lihayhay et.al (2024) kanilang natuklasan na nakakaapekto ang kalidad ng silid-aralan sa kalidad ng edukasiyon sa kadahilanang dito sila pumapasok arawaraw, ang hindi maayos na silid-aralan ay nagiging dahilan ng pagiging hindi kumportable at pagkawalang gana sa mga gawaing ibinigay ng guro. Ito ay isa sa mga dahilan kung bakit hindi natututo nang maayos ang mga mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Aquino (2019), ang kapaligirang pansilid-aralan ay katuwang ng guro dahil umiinog at nagmumula ang malaking parte ng pagkabuo ng anong klaseng produktong mag-aaral ang mabubuo mula sa paghubog ng isang guro. Nakasalalay sa guro ang pamamaraang ipinamalas niya sa kanyang pagtuturo na may dangal at dedikasyon.

Ayon kay Castada II (2023) maraming salik ang nakaapekto sa performans sa pagaaral. Ang kaaya-ayang kapaligiran at klimang pangklasrum ay makakatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagbaba at pagtaas ng grado ay nagpapakita ng performans ngisang mag-aaral. Maraming bagay ang nakaapekto at nararapat lamang na isaalang-alang sa pag-alam at pagtuklas sa performans ng mga mag-aaral.

Ayon kina Jamshed at Khan (2024) isa sa mga dahilan kung bakit mataas ang nakuhang grado ng mga mag-aaral ay dahil sa salik kagaya ng sapat na pasibilidad at matiwasay na klimang pangklasrum. Kaya naman responsibilidad ng bawat guro na iparamdam sa mga mag-aaral ang mga bagay na ito. Sa aklat ni Dr. Lizette F. Knight na Maximum Learning and Teaching, na isinaad niya sa isang salik na mahalaga sa proseso ang pagkatuto ay ang kapaligiran. Ang paghahanda ng isang magandang kapaligiran ay nakaapekto sa motibasyon ng pagkatuto. Ang kapaligirang kaaya-aya ay nagbigay kahulugan na magkaroon ng kabuluhang mabuhay, matuto at makalinang ng mga akademikong gawain sa paaralan. Dagdag pa ni Baiqued (2024) isang hamon sa guro ang panatilihin ang kalinisan ng isang silid. Ngunit isa rin ito sa kailangang panatilihin upang magkaroon ng kalidad na silid ang mga mag-aaral .na ang paaralan ay nagsisilbing tahanan din ng mga mag-aaral. Kung kaya't kailangang bigyan ng pansin at panatilihin ang kalinisan at ang katiwasayan ng silid kung saan nagaganap ang importanteng bagay sa edukasyon ang pagtuturo at ang pagkatuto. Ang pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ay isang magandang simula para sa epektibong pagkatuto.

### Pokus ng mga Mag-aaral

Importante nga ba ang mga dekorasyon sa loob ng silid-aralan sa pagkatuto ng mga nag-aaral? Ang bawat sulok ng silid-aralan ay

may kaugnayan sa pagbuo ng epektibongkapaligiran sa pagkatuto. Ang polisiya na ukol sa dekorasyon sa silid-aralan o kilala rin sa "Classroom Bare Wall Policy" ang isa sa mga aspeto na nakatawag atensiyon sa diskurso ng edukasyon.
Ang polisiyang ito ay nag-uutos ng paglimita o pag-alis ng mga bagay na maaaring makadisturbo sa pagkatuto at para na rin mapanatili ang pokus sa pagkatututo ng mga mag-aaral. Ang intensiyon ng polisiyang ito ay para mapabuti ang kondisyon ng pagkatuto, ang epekto nito sa kabuuang proseso ng edukasyon sa pamamagitan ng masusing pag-aaral.

Sa panukala ng Kagawaran ng Edukasyon bilang 21 Serye 2023 "Classroom walls shall remain bare and devoid of posters, decorations or other posted materials. Classrooms should not be used to stockpile materials and should be clear of other unused items for disposal." Ang ganitong polisiya ay base sa ideya na ang malinis at maaliwalas na silid-aralan nagsusulong nang maayos na konsentransiyon at pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral. Ang polisiyang nag-uutos na baklasin ang lahat ng nakapaskil sa mga pader ay suportado ng argumentong may kakayahan sa pagpapaunlad ng kapaligiran sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagbawas ng mga dekorasyong nakapaskil sa pader ng silid-aralan. Kailangang tiyaking malinis at walang mga dekorasyon, tarpaulin o mga posters ang mga silid-aralan upang magkaroon ng pokus ang mga mag-aaral sa mga guro.

Sa pag-aaral nina Fisher et al. (2014) na binanggit sa pag-aaral nina Rodrigues at Pandeirada (2018) kanilang kinumpara ang performans ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan na puno ng mga dekorasyong nakapaskil at ang silid-aralan na walang nakapaskil, nakita sa resulta na ang silid-aralan na puno ng dekosrasyon ay kakikitaan na mabilismadisturbo ang mga mag-aaral at hindi gaanong makapokus samantalang ang mga mag-aaral na nasa loob ng silid-aralan na walang nakapaskil na dekorasyon ay mas nakakapokus sa mga aralin at gawain. Subalit, hindi minumungkahi kailangan alisin lahat ng mga dekorasyon sa loob ng silid-aralan.

Ilang pag-aaral ang nagpapakita na ang aspekto ng silid-aralan na puno ng mga biswal at dekorasyon ay maaaring makakaapekto sa pagpapanatili ng atensyon, pagtanggap ng kaalaman at gawain ng mga mag-aaral ng mga mag-aaral. Peter Barret et al. (2019). Halimbawa, sa pag-aaral ni Barrett at ang kanyang mga sinusuri ang relasyon sa pagitan ng silid na may mga dekorasyon at ang tagumpay ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Sa kanilang pag-aaral, kabilang ang dekorasyon sa silid-aralan ang espasyo, kalidad ng mga muwebles, kulay, bentilasiyon, liwanag, tunog at ang mga biswal na nakapaskil sa pader. Natuklasan ni Barrett et al.na ang ilang komponents ng mga dekorasyon o biswal na nasa loob ng silid-aralan ay may kaugnayan sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Isa sa mga natuklasan nina Lihayhay et.al (2024) sa kanilang pag-aaral ang hindi maayos na silid-aralan ay nagiging dahilan na hindi pagiging komportable, pagkawala ng pokus sa klase at hindi maayos na pagganap sa mga gawain na ibinibigay ng mga guro at bunga nito ang hindi masyadong natuto nang maayos sa loob ng silid-aralan.

**Bawas sa Gawain ng mga Guro**

Ang pagiging guro ay isang marangal na propesyon ngunit kaakibat nito ang malaking responsibilidad. Maraming guro ang palaging pagod kung umuwi dahil sa mgatrabahong nakatambak maliban sa pagtuturo. Ngunit sa kabila ng mga ito ay sinisiguro pa rin ng mga guro na sila ay epektibong makakapagturo sa kanilang mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral ni Bornales (2024), tinalakay niya ang pagsang-ayon ng mga guro tungkol sa pagkuha ng mga dekorasiyon sa loob ng silid-aralan. Ito ay dagdag gastos at gawain lamang sa kanila at nakagugol ng mahabang oras sa pagdikit ng mga palamuti;
sa halip na maglagay ng dekorasyon, nararapat lamang na gamitin ang oras sa ibang importanteng gawain sa pagtuturo. Nabanggit sa pag-aaral ni Malik (2019) na ang sobrang pagtatrabaho ay isa sa mga salik na naging dahilan sa pagbaba ng pisikal at emosyonal na kakayahan na nagdudulot ng matinding pagod. Ang mga dahilan ng matinding pagkapagod ay ang pagbigay ng karagdagang oras sa pagtuturo at ang pangangailangan upang magkaroon ng isang kaayaayang silid-aralan sa pagtuturo Demirel at Cephe (2015) na nabanggit nina Jomuad et al. (2021) at mayroong pagkakataon na hindi makapagturo nang maayos ang guro dahil sa tambak na trabaho. Kung ang mga guro ay naiistress dahil sa mga tambak na trabaho may posibilidad na maaapektuhan ang kalidad ng kanilang pagtuturo dahil malaking hamon
para sa kanila ang mapanatili ang pokus at motibasiyon sa pagtuturo. Hester, Bridges at Hollins (2020). Ang impluwensiya ng trabaho ng mga guro at ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ay hindi kailangan isawalang bahala. Isang mahalagang hakbang ang pagbigay ng mga katamtamang trabaho sa mga guro at siguraduhin ang pagbigay ng mga pangangailangang kagamitan ng mga guro sa pagtuturo. Balang (2021)

**Pagsang-ayon ng mga Guro**

Sa kasalukuyang konteksto, ang pagpapatupad at implementasyon ng Oplan Baklas Program ng Kagawaran ng Edukasyon ay naging matagumpay dahil sa pagsang-ayon ng mga guro sa pagbaklas at pagkuha ng mga dekorasyon, palamuti at iba pang bagay na hindi kinakailangan at nakakatulong. Ang panukalang ito ay maaaring maikonekta sa pag-aaral ni Custodio (2015) na binanggit ni Castada (2023) sa kanyang pag-aaral na nagbibigay diin sa isang malinis na kapaligiran na nagdudulot ng magaang pag-iisip o nakapagbibigay ng pokus na walang distraksyon sa kanilang pagkatuto. Dagdag pa ni McDaniels (2013) na binanggit ni Castada (2023) ang paglikha ng isang positibong kapaligiran sa pag-aaral ay nagpapabuti sa pag-aaral ng mga estudyante, nakatutulong sa pagbuo ng isang maayos na komunidad sa silid-aralan at magbuo ng isang kaaya-ayang kapaligiran sa trabaho para sa guro at mga mag-aaral.
Ang kapaligiran ay tumutukoy sa pisikal na lugar kung saan sila nabibilang, katulad na lamang ng silid-aralan. Ito ay mahalaga na ang lahat ng mga tao sa paaralan ay magtutulungan para

masigurado ang positibong atmospera sa loob ng paaralan. Mahalaga
rin na sinisigurado at ihanda ng mga guro ang loob ng silid-aralan na walang sagabal sa pagkatuto ng mga mag-aaral para sa positibong pagganap sa pagkatuto, (Yildirim 2021).

**METODOLOHIYA**
Inilahad sa kabanatang ito ang ginamit na disenyo ng pananaliksik, mga kalahok ng pag-aaral, instrumento sa pananaliksik, paraan ng pangangalap ng datos, proseso ng pagsusuri ng datos at ang etikal na konsiderasyon.

**Disenyo ng Pag-aaral**
Sa pag-aaral na ito ang mananaliksik ay gumamit ng disenyong deskriptibong naratibo sa pagkolekta ng mga kasagutan ng mga piling guro bilang tagatugon sa pag-aaral. Ang naratibo ay ginagamit upang makita at maintindihan ang kahulugan ng mga tagatugon ayon sa kanilang sitwasyon at karanasan (Litchman 2011) na binanggit ni (Bantayao 2023). Kaya, maayos na nakalap ng mananaliksik ang mga iba't ibang tugon ng mga guro ng Mansilingan Agro-Industrial High sa pamamagitan ng panayam. Sa pamamagitan ng naratibong desinyo, nagiging possible ang pag-unawa ng mga kasagutan mula sa perspektibo ng mga tagatugon.

**Mga Kasangkot at Tagatugon ng Pananaliksik**
Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kahalagahan ng Oplan Baklas Program ng
Kagawaran ng Edukasyon sa mga guro. Ang mga kasangkot sa pag-aaral na ito ay ang mga guro na nagtuturo sa Mataas na Paraalan ng Mansilingan-Agro, Lungsod ng Bacolod. Ang mga napiling tagatugon sa pag-aaral na ito ay ang mga guro na nagtuturo mula Ikapitong Baitang hanggang Ikasampung Baitang ng Mataas na Paraalan ng Mansilingan-Agro, Lungsod ng Bacolod sa taong panuruang 2023-2024. Ang mananaliksik ay pipili ng walong (8) guro sa pagsagot ng katanungan. Gagamit ang mananaliksik ng Purposive Sampling sa pagpili ng mga tagatugon, ang kraytirya o layunin sa pagpili ng mga respondent ay siyang batayan sa pagpili ng magiging sampol.

**Inclusion Criteria**
Ang mga kalahok na kasangkot sa pag-aaral ay ang mga piling guro mula sa Ikapitong Baitang hanggang sa Ikasampung Baitang ng Mansilingan Agro-Industrial High School na sumusunod sa pamantayan na (a) ang tagatugon ay nagtuturo ng limang (5) taon o mahigit (b) ang tagatugon ay dapat na may sariling silid-aralan (c) ang tagatugon ay dapat may karanasan sa paglalagay ng dekorasyon at pagbaklas nito.

**Instrumento ng Pag-aaral**
Ang mananaliksik ay gumamit ng semi-structured na pagtatanong para makalap ang mga datos mula sa mga napiling tagatugon ng pag-aaral. Bahagi ng unstructured na mga panayam ang pagkuha ng mga pangunahing kaalaman at mga karadagang katanungan, opinyon na ipinagtitibay, mga gawi, damdamin at pananaw sa mga usaping malayang ibinabahagi ng mga tagatugon (Litchman, 2011 na binanggit ni Bantayao, 2023).

**Data Trusthworthiness**
Ang trusthworthiness o ang rigors ng pag-aaral ay nakapokus sa kalidad ng pagtatanong, sa mga datos na nakalap at sa pagbibigay ng interpretasyon. Masisiguro na ang resultang nakalap sa pananaliksik ay credible, transferable, dependable at confirmable (Lincoln, 1985 na binanggit ni Bantayao, 2023).

**Credibility**
Ang credibility ng pananaliksik ay ang pagbibigay ng angkop at tama na mga datos.
Upang masiguro ito, ang mananaliksik ay humingi ng tulong sa mga tagatugon upang
masiguro ang mga kaangkupan ng mga datos at pagkuha sap una at pag-aayon ng mga
tagatugon sa interpretasyon na ginawa ng mananaliksik.

**Transferability**
Sa pag-aaral, ang transferability ay nakatuon sa paggamit ng *purposive sampling*
teknik sa pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik upang masiguro na ang kanilang sagot sa mga katanugan sa pamamagitan ng panayam ay may pagkakaugnay at may parehong
pinanghuhugutan sa mga tanong.

**Dependability**
Ang dependability ay isa sa mga pamantayan sa pagtamo ng *trusthworthiness* ng pag-aaral, ito ang nagpapatibay ng konsistensi at pagkakapareho ng mga resulta ng pananaliksik kung saan maaabot kapag makamit ang pamantayang credibility. Binigyan ng pagkakataon ng mananaliksik ang mga tagatugon upang marebyu ang mga resulta dahil may pagkakataon na magbunga ng pagkakontradik sa mga nagging interpretasayon ngunit sa nanatiling konsistent ang kanilang pagsusuri ng resulta ng mga pahayag ay natamo ang pamantayan. (Lincoln at Guba, 1985 binanggit ni Nowell et al., 2017)

**Confirmability**
Ang *confirmability* na pag-aaral ay ang antas ng pagiging totoo o pagiging tapat sa
mga kasagutan ng mga tagatugon. Upang masiguro ito, dumaan sa transkripsiyon na gawa ng mananaliksik at pagkatapos ay pinabasa sa mga tagatugon at nilagdaan nila ito bilang pagpapatunay.

**Pangangalap ng Datos**
Sa pangangalap ng datos, humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot sa Pansangay na Tagapamanihala ng Paaralan, Punongguro at sa tagapayo. Ang pagpaplano ng pananaliksik na ito ay isinagawa nang maayos lalong-lalo na sa pagpaplano kasama ang layunin at ang mga hakbang na gagawin. Ang panayam ay umaabot sa limang araw lamang sapagkat nasa iisang paaralan lamang ang mga tagatugon at ang mananaliksik. Ang

panayam ay isinagawa sa mga oras na bakante ang tagatugon at mananaliksik at kung hindi naman tugma ang oras ay isinagawa ito tuwing hapon pagkatapos ng klase. Pagkatapos ng panayam, isinulat ng mananaliksik ang buong pag-uusap. Pinabasa sa tagatugon. Ang buong transkripsyon ay tinaya at isinalang sa pagsusuri at pagbibigaykahulugan. Pagkatapos basahin ang transkripsiyon ng tagatugon ay pinalagdaan ito sa tagatugon bilang patunay.

**Paraan sa Pag-aanalisa ng Datos**

Gamit ang *Thematic Analysis* ni Litchman (2011) ang mga datos na nai-transcribe mula sa nairekord pakikipanayam ay sinuri at sumailalim sa *Theory of Trusthworthiness* ni Lincoln at Guba (1985) at binanggit ni Nowell et al., (2017) para mapatunayan ang mga resulta na sinuri ay mapagkakatiwalaan. Pinakaangkop na gamitin ang sa pag-aaral na ito ang Thematic Analysis ni Litchman (2011) dahil sa higit na madali at mabisa ang pagtukoy ng mga tema. Ipinahayag ni Litchman na maaaring makasagawa ng isang "generic approach" ang ibang mananaliksik sa pagsuri ng mga datos subalit pagkatapos nasuri ang ilang artikulong papel pananaliksik nakitang hindi natalakay ng detalyado kung paano nagawa ng tama ang coding o kung paano nabuo ang tema sa pamamagitan ng coding, ito ay mahalaga sa sistema ng coding dahil ito ang naging batayan sa pagsusuri. Para sa paglilinaw, Si Lichtman ay gumawa ng sariling dulog ng pagsusuri, gamit ang tema. Ipinakilala niya ito bilang *"Three C's of Data Analysis" (Codes, Categories, and Concepts)* dito nakabatay ang mga sumusunod na hakbang: Una ay ang initial coding, dito sinusuri ang mga sagot ng mga tagatugon upang makuha o malaman ang pinakasentral na ideya. Pangalawa, pagsagawa ng rebisyon sa paunang pagsusuri ng inisyal coding para sa mabilisang pag-alam ng mga posibleng tema na nagmula sa mga sagot ng mga tagatugon. Pangatlo, pagbuo ng paunang pagtatala ng mga maaaring maging tema mula sa sagot. Pang-apat, pagbabago ng mga paunang tema sa pamamagitan ng muling pagbasa. Panglima, pagrebyu ng mga tema at panghuli ay ang pagbuo ng mga tema ayon sa mga sagot ng mga tagatugon. Ang paggamit ng dulog na ito sa pagkuha ng mga datos ay para malaman ng iba't ibang Kahalagahan ng Opan Baklas Program ng Kagawaran ng Edukasyon ayon sa pananaw ng mga guro mula sa nai-transcribe na datos mula sa panayam.

**Kabisaan at Kahusayan ng Instrumento ng Pananaliksik**

Ang talatanungang ginamit bilang instrumento sa pag-aaral na ito ay personal na ginawa ng mananaliksik at pinabalido sa mga eksperto. Ginamit ang *Good at Scates* na pamantayan sa pagtuto. Ito ay pinabalido sa tatlong eksperto na mayroong malawak na kaalaman sa pagbuo nito. Ang isa sa nagbalido ay Head Teacher II sa Filipino na kasalukuyan nakadestino sa Mataas na Paaralan ng Luis Hervias. Ang ikalawa ay isang Teacher III na nagtuturo sa Mataas na Paaralan ng Teofilo M. Gensoli Sr. at ang ikatlo naman ay isa ring Teacher III sa Mataas na Paaralan ng Mansilingan Agro-Industrial. Pagkatapos naipabalido, ang lahat ng mga suhestiyon at rekomendasyon ay nilikom para maging maaayos at wasto ang talatanungan.

**Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos**

Upang makalap at makatipon ng mga kinakailangang mga datos sa pag-aaral, ang mananaliksik ay gumamit ng interbyu na metodolohiya, ibig sabihin ang mananaliksik ay nangalap ng mga datos sa pamamagitan ng interbyu. Sa pagsimula ng interbyu, ang mananaliksik ay nagkaroon ng raport sa pamamagitan ng pagbahagi ng personal na pagkakakilanlan, layunin ng pag-aaral, pagtanong sa kanilang nararamdaman at pagpapakita ng hindi panghuhusga sa pamamagitan ng mga galaw. Pinahayag ng mananaliksik na ang mga kasagutan na makukuha ay mananatiling lihim, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga tagatugon na kung maaari erekord ang buong usapan.

Ang mga tanong ay ipinaliwanag ng mananaliksik upang lalong mapadali ang usapan at maintindihan ng mga tagatugon. Sa mga oras ng interbyu, binigyan ng mananaliksik ang mga tagatugon ng kalayaan sa pagpahayag ng kanilang mga kaalaman, karamdaman at pananaw. Ang mga tagatugon ay tinanong na may respeto at hindi pinipilit kung ito ay lampas sa kanilang kakayahan sa pagsagot. Pagkatapos ay nilikom ang mga kasagutan at sinuri at ipinangkat sa mga tema na lumabas ayon sa kanilang mga kasagutan.

## RESULTA

Matapos na maisagawa ang pananaliksik, maraming nahinuha at napag-alaman ang mananalisik. Una, ang katotohanan na tunay na may malaking tulong ang pagpapatupad ng panukalang Oplan Baklas Program ng Kagawaran ng Edukasyon sa mga guro. Sa pamamagitan ng panukalang ito lahat na naging sagot ng mga guro sa pamamagitan ng panayam ay naging positibo ukol sa panukala at nakapagdulot na kaunting kaginhawaansa kanilang trabaho at sa kanilang sariling bulsa. Sa mga naging panayam ang mga sumusunod na tema ang lumabas. Una, pinansyal, ito ang isa sa mga naging pagsubok ng mga guro dahil hindi lamang serbisyo ang kanilang kusang binibigay kundi pati na rin ang kanilang sariling pera, mapaganda lamang at maging kaaya-aya ang loob ng silid-aralan ayon sa istandard na ibinigay sa mga guro upang sundin. Pangalawa, Maaliwalas at Malinis na silid-aralan, nagkaroon nang malapad na espasyo ang loob ng silid dahil kailangang kunin ang mga kagamitan, dekorasyon, palamuti at muwebles na hindi kailangan sa pagtuturo. Pangatlo, Pokus ng mga Mag-aaral isa sa mga naging suliranin ng mga guro ang mapanatili ang pokus at atensiyon ng mga mag-aaral tuwing talakayan. Dahil sa panukalang ito, kanilang nalaman na nagkaroon ng pokus ang kanilang estudyante sakanilang pagtuturo dahil wala ng mga destruksyon na makikita na nakadikit sa mga pader na naging dahilan na nahahati ang kanilang atensiyon. Pang-apat, Bawas sa gawain ng mga guro, malaking tulong ang panukalang ito sapagkat ayon sa kanila mas natutuon nila ang kanilang oras sa ibang mas importanteng bagay kaysa sa pagdikit ng mga dekorasiyon. Panglima, ay ang pagsang-ayon ng mga piling guro sa panukalang Oplan Baklas ng Kagawaran ng Edukasyon. Ito ay nagbigay sa kanila ng kaunting kaginhawaan dahil kahit papaano ay nabawasan ang kanilang trabaho lalo na at ang paglagay ng mga dekorasyon ay kumukuha

ng mas malaking oras at pera sa kanila. Nawa'y marami pang panukala ang Kagawaran ng Edukasyon na makakatulong hindi lamang sa mga mag-aaral kung hindi pati na rin sa mga guro. Sa kabuuan, isang karangalan para sa mananaliksik ang maging parte ng pag-aaral na ito. Maraming natutuhan mula sa pag-aaral na siyang naging gabay at isasabuhay bilang isang guro sa pang-araw-araw na pagtuturo.

## TALASANGGUNIAN

1. *Anila, J. and Muhammad, A.F (2024). Exploring the Impact of Univesity Type and Facilities on Student's Academic Achievement.researchgate.net*
2. *Aquino, I. (2019) The effect of Online to the Academic Performance of the Students in the College of Teacher Education. GreenField Advanced Research Publishing.https://graph.co.uk*
3. *Bornales, E.B. (2024). A survey on the Oplan-Baklas Operation of Elementary Teachers in Cebu, Philippines. International Kournal of Multidisciplinary Research and Growth Evaluation*
4. *Casingal et.al (2021). Financial Literacy Challenges: The Case of Filipino Public-School Teachers*
5. *Castada, D.L. (2023). Oplan Baklas: Epekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Bukidnon National High School.*
6. *https://www.researchgate.net/publication/ 37779465*
7. *Denro Macario at Nera Grace Macario (2023) Kapaligirang Pampagkatuto, Klimang Pangklasrum at Performans sa Filipino ng Mag-aaral sa Grado 11. International*
8. *Research Journal of PharmacyDeped Order No. 21, s. 2023 Brigada Eskwela Implementing Guidelines*
9. *Durmus Ibrahim (2023). Organizational Overview of Maslow Management Research Impact of Parental Involvement on student success. https://www.coursehero.com*
10. *International Journal Research Studies in Education (2024) Pananaw sa Epekto ng Kalidad ng Silid-Aralan sa mga Mag-aaral ng Kolehiyo ng Lutaingan*
11. *Jomuad, P. et.al (2021). Teacher's Workload in Relation to Burnout and Work Performance Plaza at Jamito (2021) Financial Conditions and Challenges Among Public School Teachers: It's Implication to their Personal and Professional Lives*
12. *Kanwal et.al (2023) Impact of Workload on Teacher's Efficiency and their Students Academic Achievement at the University Lev*